



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoismo

Taon XL Blg. 7
Abril 7, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Patuloy na nagpapakana si Arroyo para mangunyapit sa kapangyarihan

Nagsasagawa si Gloria Arroyo ng marurumi at maramhas na pakana sa pagkakandarapa niyang maghanap ng paraan para patuloy na kumapit sa poder matapos ang 2010. Mapa-cha-cha man o mapa-elekson, may mga reserbang baraha si Arroyo na lahat nama'y nabubuko.

Kahit makailang-ulit nang itinakwil ng mamamayan at umatras na maging ang ilan niyang kaalyado, tuso pa ring itinutulak ng sakim sa kapangyarihang mga alipures ni Arroyo ang *cha-cha* sa Kongreso. Ipinagmalaki kamakailan ng partidong KAMPI ni Arroyo na dadalawampung lagda na lamang ang kailangan para pormal na mapagtibay ang resolusyon ni Rep. Luis Villafuerte para baguhin ang konstitusyon ng 1987 sa pamamagitan ng pagtransporma sa Kongreso tungong *constituent assembly (con-ass)*, lumahok man o hindi ang mga senador.

Katuwang nito, nagpakana rin si Speaker Prospero Nograles ng resolusyon sa Mababang Kapulungan para ibabura ang probisyon sa konstitusyon nagbabawal sa dayuhang pagmamay-ari ng mga lupain at negosyo sa bansa. Ang panukalang ito ay pinalalabas niyang isang "simpleng pang-ekonomiyang panukala lamang" kahit ipinagkakanulo nito ang pambansang patrimonya at interes. Iginigiit niyang ipasa na lamang ito sa Mababang Kapulungan bilang

ordinaryong lehislasyon. Layunin nitong hawanin ang daan para sa iba pang panukala pangunahin na ang pagbabago ng sistema ng gubyerno tungong parlamentaryo na magbibigay-daan sa pananatili ni Arroyo sa poder bilang punong ministro.

Ang inaasahang pagtutol ng Senado at iba pang organisasyon at personahe sa *con-ass* ay ipababasura sa Korte Suprema, gamit ang kontrol ni Arroyo sa mayorya ng mga mahistrado. Lantad na lantad ang layunin ng panukalang itinutulak ni Villafuerte, laluna't ang nangunguna sa pangangalap ng mga lagda para rito ay ang mga kongresistang anak ni Arroyo na sina Jose Miguel at Diosdado.

Kunwa'y dumidistansya ang Malacañang sa mga paknang *cha-cha* ng mga anak at alipures ni Arroyo sa Kongreso. Nakikita nito na habang



**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Mga tagumpay laban sa
Oplan Bantay Laya 2**
PAHINA 3

**Isang biktima ng
pasistang pamamaslang
bawat linggo**
PAHINA 8

**Walang saysay ang
mga resolusyon ng G20**
PAHINA 9

lalong ipinipilit ang *cha-cha* ay la-lo lamang nahihiwalay ang pangkatin Arroyo. Pero hindi rin daw ni-to sasagkaan ang anumang "inisy-tiba" mula sa Mababang Kapuluungan.


Kahit aminado ang Comelec na gipit na ang panahon, pilit pa rin ito ngayong naghahanap ng paraan upang maisagawa ang plebisito hinggil sa pagbabago sa konstitusyon kasabay ng eleksyon sa 2010 o mas maaga pa. Ito'y sakaling "maaprubahan" ng Kongreso ang *cha-cha* bago muli itong magbakasyon sa Hunyo at agad itong sangayunan ng Korte Suprema.

Sakaling hindi maihabol ang *cha-cha* at obligadong ituloy ang eleksyon sa 2010, pinaghahandaan na rin ni Arroyo ang iba't ibang tulong pakana na nakasakay naman sa eleksyon. Isa na rito ang pagsupporta sa isang kandidato sa pagkapresidente na papayag na maging tau-tauhan lamang habang si Arroyo ang totoo pa ring hahawak sa kapangyarihan.

Pinalulutang ngayon ang pangalan ni Defense Secretary Gilbert Teodoro bilang kandidato sa pagkapangulo ng naghaharing pangkatin. Si Teodoro ay pamangkin ni

Eduardo "Danding" Cojuangco Jr., isa sa pinakamalalaking burges kumprador sa bansa na naging alyado ng lahat ng naghaharing rehimen mula pa noong panahon ni Marcos.

Sa pagpapalutang ng pangalan ni Teodoro, layunin ni Arroyo na magpatuloy ang suporta ni Cojuangco sa naghaharing pangkatin. Bilang pabuya sa patuloy na suporta ni Cojuangco, ibinenta sa kanya ng gubyerno ang mga sapi nito sa Meralco sa mga kundisyong napakagaan para sa kanya (babayaran niya nang hulugan at walang interes ang mga sapi sa loob ng tatlong taon). Bahagi rin ng pakanang ito ang pagkukutsabahan nina Arroyo at Cojuangco na agawin kalaunan ang kontrol sa Meralco mula sa mga Lopez para mapahina ang kapangyarihan sa masmidya at pulitika ng anti-Arroyo na pamilyang ito. Bago pa ito, nagkutsabahan ang dalawa para ibenta kay Cojuangco ang sekwestradong 27% sapi ng Coconut Producers Federation Inc. sa San Miguel Corporation (SMC) at nang malubos na ang monopolyong kontrol ni Cojuangco sa SMC. Hindi nga lang ito agad maipatupad dahil sa mga kasong isinampa sa Korte



Suprema ng mga magsasaka at iba pang humahadlang pagbebenta.

Kasabay nito, plano namang tumakbo ni Arroyo bilang kinatawan ng isang distrito sa Pampanga at maging House Speaker sa pamagitan ng mga boto ng kanyang mga alipures na inaasahan niyang hahawak muli sa mayorya ng mga pwesto sa Kongreso. Alinsunod sa kanyang plano, si Arroyo at hindi si Teodoro ang tunay na hahawak ng kapangyarihan. Si Teodoro at ang mga alyado ni Arroyo sa Mababang Kapulungan ang aasahan niyang magtitiyak sa *cha-cha* at maghawakan ng daan para pormal nang maluklok kalaunan si Arroyo bilang punong ministro sa ilalim ng sistemang parlamentaryo. Hayagang idinedeklara ni Teodoro na ang pagsusulong ng *cha-cha* ang pangunahing nilalaman ng kanyang plataporma.

Di maiwasan ni National Security Adviser Norberto Gonzales na ipahiwatig sa publiko ang pakanang ito. Aniya, mangangailangan umano ng "pangulong pantransisyon" ang bansa sa loob ng dalawa o tatlong taon pagkatapos ng termino ni Arroyo para mailatag ang mga kinakailangang pagbabago katalud ng *cha-cha*. Dapat daw handang magsakripisyo ang naturang "pangulong pantransisyon," dahil maaga siyang bababa sa poder para bigyang-daan ang bagong pinuno ng bansa sa ilalim ng sistemang

ANG Bayan

Taon XL Blg. 7 Abril 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

| | |
|--|-----------|
| Editoryal: Patuloy na nagpapakana si Arroyo para mangunyapit sa kapangyarihan | 1 |
| Mga tagumpay laban sa OBL2 | 3 |
| Matatagumpay na opensiba ng BHB | |
| Kaaway, nagtamo ng 24 na kaswalti | 5 |
| 3 bihag na pulis, pinalaya ng BHB | 6 |
| Pagbasura sa kaso laban kay Ka Joema | 7 |
| Pananalanta ng pasistang estado | |
| Bawat linggo, 1 biktima ng pamamaslang | 8 |
| Mga kinasuhan sa pagpatay kay Rebelyn | 9 |
| Mga sangkot sa pagpatay kay Rebelyn, lalong nagdiin sa sarili | 10 |
| 2 dinukot na gerilya sa Mindanao | 10 |
| Mga resolusyon ng G20, walang saysay | 12 |
| Mainit na protesta sa pulong ng G20 | 12 |
| Balita | 13 |

parlamentaryo. Di man banggitin ni Gonzales, si Gloria Arroyo ang tinutukoy niyang bagong pinuno.

Gayunpaman, may peligro para kay Arroyo ang pakanang ito dahil malaki ang posibilidad na hindi na masapatan ang mga Cojuangco sa papel nila bilang "tagapagluklok ng hari" at gustuhin nilang tahanan nang hawakan ang kapangyarihan.

Isa pang baraha ng Malacanang sa halalan ang *automated elections* at ang malaking posibilidad na pumalpak ang bagong sistemang ito. Pinalalabas na paraan daw ang *automation* o de-kompyuter na botohan at pagbibilang ng mga boto para umano mapawi ang pandaraya sa halalan. Subalit ayon sa mga progresibong syentista at iba pang mga ekspertong sumuri sa disenyo gagamitin para sa *automation*, lumalabas na sadayang napakaraming butas nito. Bahagi ng disenyo ang sistematisiko at malawakang pandaraya para matiyak pa rin ang panalo ng mga kandidato ng naghaharing pangkatin.

Kung di pa sasapat ang pandaraya para matiyak ang kanilang panalo, sasagpangin ang malalaki at malawak na kalituhan sa paggamit nito upang maideklara ng Comelec na bigo ang eleksyon sa pambansang antas. Magsisilbi itong "ligal" na dahilan upang manatiling presidente si Arroyo hangga't hindi pa naidaraos ang espesyal na eleksyon at naitutuloy ang *cha-cha*.

Mas masahol pa rito, ang maliikhang kaguluhan ay maaari pang gawing tuntungan ni Arroyo para magdeklara ng *state of emergency* o lantarang batas militar.

Mauunsyami lamang ang mga imbing pakanang ito sa pamamagitan ng tuluy-tuloy at determinadong pagkilos ng malawak na prente para maibagsak ang rehimeng Arroyo.

AB

Sa ika-40 anibersaryo ng BHB

Maniningning na tagumpay laban sa Oplan Bantay Laya 2



Muling pinatunayan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at buong rebolusyonaryong kilusan ang lakas at kakayahang nitong alpasan ang mababangis na atake ng reaksyunaryong rehimeng nitong nagdaang taon. Sa kabilang pinaigting na kontra-rebolusyonaryong kampanyang militar ng rehimeng US-Arroyo sa balangkas ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2), lumawak ang BHB, lumalim ang pag-ugat sa mamamayan at lalo pang lumakas ang kakayahang nitong maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga armadong grupo ng reaksyon.

Sumusunod ang nakalap na mga ulat ng *Ang Bayan*:

Sa Mindanao. Sa buong Mindanao, nakikilusan na ng BHB ang mahigit 2,000 baryo sa 200 bayan at lunsod at 19 na prubinsya. Dumami ang mga larangang gerilya mula 35 noong 2004 tungong 40 ngayong taon. Walang kahit isang larangang gerilya ang nalusaw sa kabilang pinatindi at malalaking operasyong militar ng AFP.

Mula Marso 2008 hanggang Marso 2009, nakapaglunsad ng mahigit 300 taktikal na opensiba ang BHB sa isla at nakasamsam ito ng mahigit 350 armas. Hindi iilan ang nabihag at napasuko nitong mga regular at paramilitar na tro-

pa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP), kabilang ang ilang matataas na upisyal. Umabot sa ilang daan ang naidulot nitong kaswalti sa kaaway, kapwa napatay at nasugatan. Sa Northeast at Southern Mindanao pa lamang, umabot na sa 400 ang kaswalti ng kaaway, kabilang ang 153 napatay sa mga armadong aksyon ng BHB.

Umaabot na sa ilang libo ang bilang ng mga kawal ng BHB sa buong Mindanao. Tuluy-tuloy na dumarami ang mga platon at namantini ang mga pormasyong kumpanya sa ilang lugar. Daan-daan ang sumapi ngayong taon sa BHB mula sa mga organisasyong

masa sa kanayunan, gayundin mula sa hanay ng mga aktibista sa lunsod, partikular mula sa hanay ng kabataan-estudyante.

Tangan ang lakas ng BHB, tuluy-tuloy na lumalawak at lumalakas ang kapangyarihan ng demokratikong gubyerno ng mamamayan sa loob ng mga larangang gerilya. Mayroon nang nakatayong mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa antas munisipal at antas inter-baryo at marami-rami na ang antas-baryo. Umaabot sa 600,000 ang baseng masa ng mga ito.

Ilampung libong magsasaka ang nakinabang sa mga inilunsad na pakikibakang agraryo. Daang mga baryo ang matagumpay na nakapagbababa ng upa sa lupa, upa sa kiskisan at usura. Naitaas nila ang sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng mga produkto ng mga magsasaka at napababa ang mga presyo ng mga produktong kinokonsumo nila. Napaunlad rin ang produksyon sa pamamigtan ng paglalatag ng mga grupong tulungan, komunal at iba pang uri ng kooperatiba.

Patuloy na naipagtanggol ang mga lupaing ninuno ng mga Lumad at Moro laban sa malawakang pang-aagaw ng malalaking burgesyang kumprador, panginoong may-lupa at malalaking dayuhang korporasyon.

Naging matagumpay din ang mga kampanyang masa na inilunsad sa mga baryo. Kabilang dito ang mga kampanyang pangkalusugan, literasiya at pangkultura na masiglang nilahukan ng masa. Daan-daan ang nakinabang sa mga klinikang bayan na nailunsad.

Patuloy na lumawak ang mga milisyang bayan. Sa mga abanteng baryo, mayroon nang nakatayong minimum na tig-isang iskwad ng milisya na aktibo sa iba't ibang ga-waing militar.

Sa NEMR. Sa North Eastern Mindanao Region, sa partikular,

lumawak nang 19% ang nasasaklaw na mga baryo ng BHB. Saklaw na nito ang lahat ng mga estratehikong lugar sa rehiyon. Tumaas nang 35% ang bilang ng mga organisadong masa habang lumaganap sa mga sentrong bayan at lunsod ang impluwensya ng BHB.

Kabilang sa mga tagumpay ng BHB at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang pagpapakilos sa mamamayan para sa rebolusyonaryo sa kapakinabangan ng umaabot sa 80,000 mamamayan. Napababa ang mga upa sa lupa, gamit sa produksyon at interes sa usura. Napataas ang sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng mga produktong agrikultural habang napababa naman ang presyo ng mga produktong kinokonsumo ng mamamayan. Sa ilang lugar, matagumpay na naipagtanggol ang karapatan ng mamamayang Lumad para sa sariling pagpapasya. Napatulaw ang pakikipagtulungan at aliansa sa mga panggitnang pwersa, kabilang ang mga maka-mamamayang pulitiko at mga upisyal sa burukrasya. Dahil dito, napatataag pa ang Pulang kapangyarihan ng mamamayan sa rehiyon.

Lumaki nang 10% ang bilang ng mga Pulang mandirigma. Mula Enero 2008 hanggang Marso 2009, umabot sa 84 na taktikal na opensiba ang nailunsad ng mga Pulang mandirigma sa rehiyon—mula sa mga isla ng Siargao hanggang sa Tubay, Agusan del Norte hanggang Tagasaka, Hinatuan, Surigao del Sur. Nakasamsam ang BHB ng mataas na kalibreng armas para sa isang regular na platun. Umabot sa isang kumpanya ang bilang ng mga nasawi sa kaaway habang pito ang namartir sa hanay ng mga Pulang mandirigma. Nagpunyagi ang BHB na ipreserba ang pagpapalawak at konsolidasyon ng mga base at paglulunsad ng rebolusyonaryo agraryo habang nagpapakahusay sa gawaing militar.

Sa Eastern Visayas. Tampok na tagumpay ng BHB sa Eastern Visayas ang pagbigo nito sa OBL2 ng rehimeng US-Arroyo. Taliwas sa ipinangangalakan ng AFP na naga-pi na nito ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, walang kahit isang yunit ng BHB ang nadurog. Ito ay sa kabilang malalaking operasyon militar na inilunsad ng AFP sa rehiyon.

Noong 2008, nakapaglunsad ang BHB rito ng mahigit 60 armandong aksyon, kung saan 75 tropa ng kaaway ang napatay at ilang dahan pa ang nasugatan.

Sa Panay. Lumawak nang 30% ang baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan noong nakaraang taon at tumaas ang kakayahan ng mga organisasyon nito. Nagbuo ng bagong mga samahan ng mga magsasaka na siyang nagsasanay sa mamamayan sa paglutas ng mga problema sa baryo mula sa produksyon, kaayusan at kapayapaan, edukasyon at kalusugan. Ang mga rebolusyonaryong organisasyong ito ang siya ring tumatayong mga gulugod ng mamamayan para ipagtanggol ang kanilang mga lupa, kabilang ang mga lupaing ninuno ng mga Tumanduk na tinatangkang agawin ng 3rd ID ng Philippine Army. Dumami pa ang mga baryo at sentrong bayan na nasaklaw ng BHB—kapwa sa dati at nirerekober na mga lugar.

Mula 2002, mahigit nang doble ang inilaki ng bilang ng mga Pulang mandirigma at umabot sa dalawang batalyon ang lokal na milisya. Nakapaglunsad ang BHB rito ng 66 na taktikal na opensiba kung saan 40 kaaway ang napaslang at 46 sarisaring armas ang nasamsam.





Sa Negros. Napangibabawan ng BHB ang isa sa pinakamatitinding atake ng AFP sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Isa sa mga pryoridad ng rehimeng US-Arroyo ang Negros sa ilalim ng OBL2 at alinsunod sa plano nito, dinumog ng iba't ibang yunit militar ang isla para durugin ang rebolusyonaryong kilusan dito. Subalit sa halip na magapi, patuloy pang lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan dito. Nakapaglunsad ang BHB sa Negros ng 51 taktikal na opensiba, mas marami kumpara noong nakaraang mga taon. Kasabay nito, patuloy na lumaki ang bilang ng mga gerilyang bayan at lumawak ang mga larangan at baseng masa.

Sa Southern Tagalog. Wala kahit isang larangang gerilya ang dumapa sa mga prubinsyang kinonsentrahan ng OBL2 sa rehiyon. Ang ilang pansamantalang pinsalang naidulot nito ay hindi dahil sa malalaking operasyong militar kundi dahil pa sa mga internal na problema sa organisasyon at ilang maling patakaran. Napag-aralan ng BHB dito ang mga partikular na katangian ng OBL2 sa rehiyon at nakagawa ng angkop na mga hakbangin para labanan ito.

Naging balon ang mayaman na karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa isla ng Mindoro na humarap sa matinding pahirap at pinsala sa ilalim ng OBL1 sa pamumuno noon ni Col. Jovito Palparan. Hakbang-hakbang na binawi ng rebolusyonaryong kilusan sa isla ang mga nabitiwang saklaw at tuluy-tuloy na nakapag-apon ng lakas.

Bigo rin ang rehimeng US-Arroyo na durugin ang mga larangang gerilya sa Quezon kahit matapos ang serye ng mga kampanyang pagkubkob at paglipol na inilunsad nito sa prubinsya.

Ang huling anim na buwan ng nakaraang taon ang pinakamabungang bahagi sa pagbigo ng OBL2 sa rehiyon. Kabilang sa pinakamatitingkad na taktikal na opensiba ang matagumpay na reyd sa Quezon Provincial Jail na nagpalaya sa pitong detenidong pulitikal at ambus sa Rodriguez, Rizal. Maliban dito, nakapaglunsad rin ng 19 na malalaki at maliliit na taktikal na opensiba kung saan nakasamsam ang BHB sa rehiyon ng 71 armas. Dalawampu't siyam dito ay malalakas na kalibreng riple. Dalawang sundalo ng AFP ang napatay, anim ang nasugatan at tatlong upisyal ng pulisia ang nabihag ng BHB.

Samantala, patuloy na pinakinabangan ng rebolusyonaryong mamamayan sa loob ng mga sona at larangang gerilya ang makabuluhang tagumpay ng rebolusyonaryong agraryo. Nabigo rito ang mga maniobra ng mga kontra-rebolusyonaryong grupo tulad ng Akbayan na naglayong linlangin ang mamamayan sa kanilang mga reformatang kahibangan kaugnay ng reaksyunaryong reforma sa lupa. AB

Kaaway, nagtamo ng 25 na kaswalti

Nagtamo ng 25 na kaswalti ang mga armadong tauhan ng reaksyunaryong gubyerno, kabilang ang 21 tropang napatay sa iba't ibang mga aktyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol, Panay at Southern Mindanao nitong pagtatapos ng Marso. Dalawang pistola rin ang nasamsam ng BHB mula sa mga bandidong RPA sa Negros.

Abril 1. Tatlong elemento ng Scout Rangers at 31st IB ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma bandang alas-4:30 ng hapon sa Upper


Sta. Cruz, Ragay, Camarines Sur. Nakasakay sila sa apat na motorsiklo patungong sentrong bayan ng Ragay nang ambusin sila ng BHB.

Marso 31. Isang elemento ng 47th IB ng Philippine Army ang napatay at dalawa pang sundalo ang nasugatan nang maengkwento nila ang isang yunit ng BHB alas-11:55 ng umaga sa Barangay Buri, Tapaz, Capiz. Naglulunsad ng operasyong militar ang mga sundalo nang mangyari ang labanan.

Marso 27. Lima ang nakumpirmang napatay sa panig ng kaaway nang ambusin ng Tomas Pilapil Command ng BHB ang isang pampatruyang sasakyang dagat ng Philippine Army sa hilagang bahagi ng Lagonoy, Camarines Sur mga alas-9 ng umaga. Nagtamo rin ng di pa malamang bilang ng mga sugatan ang kaaway. Walang kaswalti sa panig ng BHB.

Bago ito, anim ang napatay na sundalo nang paputukan ng isang iskwad ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng 7th Scout Ranger Company sa San Isidro, Bulan, Sorsogon bandang ala-una ng madingding araw.

Marso 26. Tatlong elemento ng Scout Rangers ang napatay nang maagaw ng isang platon ng BHB sa Sityo Binilangan, Barangay Bulacao, Gubat, Sor-





sogon ang inisyatiba mula sa sumasalakay na humigit-kumulang 20 sundalo. Tumagal nang 20 minuto ang labanan bago ligtas na nakaa-tras ang buong pwersa ng BHB. Para hindi mapahiya, pilit na pinalalabas ng Scout Rangers na mga bangkay daw ng mga gerilya ang isinakay nila sa isang siksbay palabas ng Barangay Bulacao.

Marso 25. Isang sundalo ng AFP ang nasugatan nang makaeng-kwento nang 15 minuto ang mga pwersang gerilya ng BHB at mga elemento ng 28th IB sa Sityo Tagaras, Barangay Maragatas, Lupon, Davao Oriental.

Samantala, isang elemento ng CAFGU naman ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan sa isang labanan sa pagitan ng BHB at militar sa Baganga, Davao Oriental noong unang linggo ng Marso.

Marso 22-23. Dalawang magkasunod na operasyong harassment ang inilunsad ng BHB laban sa mga tropa ng 901st Bde na nagsasagawa ng mga "pulung-pulong" sa Barangay Sta. Cruz at Barangay Trece Martires sa Casiguran, Sorsogon. Dalawa ang namonitor na napatay sa panig ng kaaway sa walong minutong harassment, samantalang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Marso 11. Nireyd ng isang yunit ng BHB ang mga bahay nina Fernando Aninang, dating punong barangay ng Panguiranán sa bayan



3 bihag na pulis, pinalaya ng BHB

Pinalaya ng Narciso Antazo Aramil Command ng Bagong Hukbong Bayan (NAAC-BHB) ang tatlong pulis na nabihag sa isang labanan noong Enero 3 sa Rodriguez, Rizal. Nitong Marso 27, sina Insp. Rex Cuntapay, PO1 Marvin Agasen at PO1 Alberto Umali ay ipinasa kina Bishop Gabriel Reyes ng dyosesis ng Antipolo, Sen. Jamby Madrigal, mga upisyal ng prubinsya ng Rizal at mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross.

Natuloy ang pagpapalaya sa tatlong pulis sa kabilang matinding operasyong militar na inilunsad ng AFP at PNP. Nasa magandang kalagayan ang tatlo nang sila'y palayain ng BHB sa isang bulubunduking lugar ng Rizal.

Ayon sa tatlong pulis, tinrato sila nang maayos ng BHB sa loob ng 83 araw ng kanilang pagkakabihag. Malaki ang pasasalamat ng mga kapamilya ng tatlong pulis sa ginawang pagpapalaya ng BHB.

Napatunayang hindi sangkot sa mga karumal-dumal na krimen laban sa mamamayan ang tatlong pulis batay sa imbestigasyong ginawa ng BHB. Pinuri ni Ka Fidel Agcaoili, tagapagsalita ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Negotiating Panel, ang mga Pulang mandirigma at kumander ng NAAC-BHB, Sen. Consuelo "Jamby" Madrigal, Gov. Casimiro Ynares III, Bishop Gabriel Reyes ng Antipolo City, Bishop Emilio Marquez ng Lucena City at ang ICRC sa pagtulong sa pagpapalaya ng tatlong bihag ng digma.

Kaugnay nito, nanawagan si Agcaoili sa rehimeng Arroyo na sana'y tumbasan nito ang pagkamakatao at kagandahang-loob na ipinakita ng NDFP sa pamamagitan ng pagpapalaya sa nakakulong na mga konsultant nito o paglitaw kundi man pag-uming hawak nila ang mga nawawalang mga kasama nang sa gayon ay masimulan ang muling pagbubukas ng formal na usapang pangkapayapaan. AB

ng Balud, Masbate at ng kasalukuyang punong barangay nito. Nakasamsam ang mga gerilya ng mga armas na ginagamit nina Aninang at mga tauhan nito sa iligal na pangngisda. Kinabibilangan ito ng isang M16, isang karbin, dalawang pistolang kalibre .45, isang pistolang 9 mm, isang ripleng kalibre .22, dalawang shotgun (isa rito ay homemade) at iba't ibang magasin at bala. Si Aninang at mga tauhan niya ay nagsisilbi ring mga asset ng Balud-PNP at ng 506th Provincial Mobile Group laban sa rebolusyonaryong kilusan. Buwan-buwan ay nagbibigay sila ng pera para sa

proteksyon ng PNP sa Balud at sa Camp Boni Serrano.

Marso 5. Dalawang kalibre .45 pistola, mga dokumento at ibang kagamitan ang nasamsam ng BHB nang salakayin ng isang yunit ng Leonardo Panaligan Command ng BHB ang himpilan ng bandidong grupong Revolutionary Proletarian Army (RPA) sa Barangay Hibaiyo, Guihulngan, Negros Oriental. Ang reyd ay parusa sa RPA sa pang-aabuso nito sa mamamayan.

Matagal nang inirerekamo ng mga lokal na residente ang pangangikil ng RPA ng ₱50 kada linggo at ₱500 na multa kapag hindi si-

la nakakadalo sa mga pulong na pinatatawag ng RPA. Ang RPA ay nagsisilbing pwersang panseguridad ng pamilyang Chan, ang may-ari ng Hacienda Paz at tagaprotekta ng *cockfarm* ng kanilang punong kumander na si Stephen Pa-

duano (alyas Carapali Lualhati).

Inaagaw din ng RPA ang lupain ng mga lehitimong benepisyaryo ng reporma sa lupa sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga titulo nitto ng mga huwad na titulo. Dahil dito, maraming magsasakang mata-

gal nang nagbubungkal ng kanilang bukirin ang nawalan ng lupa.

Ginagamit din ng Philippine Army ang RPA bilang mga yunit paniktik, mga giya sa operasyon at sa paghahasik ng takot at intriga sa hanay ng mamamayan. **AB**

Ka Joema, binati ng PKP sa pagkabasura ng kanyang kaso

Binati ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) bat ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang tagapangulong tagapagtatag ng PKP na si Jose Maria "Ka Joema" Sison sa matagumpay na pagkabasura noong Marso 31 ng mga kasong kriminal laban sa kanya na isinampa sa korte ng The Netherlands noong 2007. Kinumpirma ang upisyal na desisyong ito ng Dutch Prosecution Service sa Rotterdam, The Netherlands.

Natamo ni Ka Joema, 70, ang "mapagpasyang ligal na tagumpay" na ito makaraan ang serye ng iba pang ligal na tagumpay laban sa mga pakana ng mga imperyalista, ng papet na rehimeng Arroyo at mga kontra-rebolusyonaryong traydor para usig siya sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, ayon sa PKP. Bunga ito ng matatag na depensa nina Ka Joema, mga abugado niyang Dutch sa pangunguna ni Michiel Pestman at suporta ng mga abugadong Pilipino sa pangunguna ni Romeo T. Capulong, ani Ka Luis Jalandoni, tagapangulo ng NDFP Peace Panel.

Ayaw pa ring tanggapin ang kabiguang ito ng rehimeng Arroyo at ng mga pangunahing alipures nito tulad ni National Security Adviser Norberto Gonzales. Nagpahayag si Gonzales nitong Abril 2 na maghahanap umano sila ng mga paraan para mapatalsik sa The Netherlands si Sison at mapilitang harapin nito ang isasampa nilang mga kasong kriminal sa Pilipinas. (Napilitang magdistyero si Sison sa The Netherlands mula 1987 habang nasa "*speaking tour*" sa Europe dahil kinansela ng rehimeng Aquino ang kanyang pasaporte at inilagay siya sa listahan ng mga "*wanted*" na personahe. Mula noon ay hindi na siya tinantanan ng mga kaso at mga tangkang assasinasyon ng mga ahente ng gubyerno. Ang

pinakahuli ay ang pagsangkot sa kanya sa mga kaso ng pagpatay sa mga kontra-rebolusyonaryong taksil na sina Romulo Kintanar noong 2003 at Arturo Tabara noong 2004.)

Tinawag ni Jalandoni na napakaignorante si Gonzales sa 1992 at 1995 na mga desisyon ng pinakamataas na administratibong hukuman ng The Netherlands, ang Raad van State. Ang mga desisyon ito ang kumilala sa istatus ni Ka Joema bilang "*political refugee*" sa ilalim ng Artikulo 1A ng "The Refugee Convention."

Saklaw siya ng lubos na proteksyon ng Artikulo 3 ng "European Convention on Human Rights and Fundamental Freedoms." Alinsunod sa naturang artikulo, hindi pinahihihintulutang ibalik si Ka Joema sa Pilipinas dahil malamang ay pahirapan siya o ipaiilalim sa di makataong pagtrato at parusa, paliwanag ni Jalandoni.

Ibinulgar din ni Jalandoni na bago pa man arrestuhin ng mga Dutch na pulis noong Agosto 28, 2007 si Ka Joema, nakipagsabwatan ang mga ta-

gausig na Dutch sa rehimeng Arroyo, partikular kina Gen. Eduardo Ermita at Norberto Gonzales. Binuo ang mga gawa-gawang testimony sa US Embassy, sa Dutch Embassy at sa dating base militar ng US na Clark Field (Pampanga), at gayundin sa The Netherlands, para maging matibay ang kanilang gawa-gawang mga asunto. Pero nabigo ang lahat ng ito.

Si Ka Joema ay patuloy sa pagbibigay-inspirasyon sa mamamayang Pilipino para sa paglulunsad ng rebolusyon laban sa mapang-api at mapagsmantalang sistema ng reaksyunaryong estado sa Pilipinas at pagsusulong ng proletaryong rebolusyon at anti-imperialistang pakikibaka sa buong mundo, anang PKP. **AB**





Isang biktima ng pasistang pamamaslang bawat linggo

Muling dumarami ang mga kaso ng pampulitikang pamamaslang sa bansa, at mula Enero ay may abereyds na isang biktima ito bawat linggo, ayon kay Marie Hilao-Enriquez, pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN. Ibinunyag niya ito sa pagdiniq na idinaos ng Commission on Human Rights (CHR) nitong Abril 1 sa kasong pagpaslang kay Rebe lyn Pitao sa Davao City. Si Rebelyn, isang guro, ay anak ng kilalang ku mander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na si Leoncio "Ka Parago" Pi tao. Dinukot, pinahirapan at ginahasa bago patayin si Rebelyn ng mga ahenteng militar noong Marso 4.

Ayon sa KARAPATAN, umaabot na sa 17 ang naisadokumento ni lang mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa unang kwarto nitong taon. Sumusunod ang ilan sa pinakabagong kaso ng pasistang pamamaslang at iba pang abusong militar na nakalap ng *Ang Bayan*.

Abril 2. Umaabot sa 500 pamilya mula sa malalayong barangay ng Alamada, North Cotabato ang lumikas sa kanilang mga tahanan para makaiwas sa nagsapataloy na mga labanan sa pagitan ng mga pwersa ng gubyernong Arroyo at Moro Islamic Liberation Front (MILF). Ayon sa mga ulat, nakisilong ang mga sibilyan sa mga paaralang pampubliko at mga *barangay hall* ng tatlong magkakanugnog na barangay, mga 15 kilometro ang layo mula sa Barangay Upper Dado, kung saan nag simula ang labanan noong Marso 31.

Marso 31. Alas-10:45 ng umaga nang pagbabarilin ng dalawang berdugong nakasakay sa motorsiklo si Edelina "Eden" Jerus, 37, sa kanyang tahanan sa Barangay San Juan Roro, Sorsogon City. Pinapakain niya noon ang dalawa niyang anak na edad walo at sampung taong gulang.

Si Jerus, kasapi ng Hustisa-



Sorsogon, ang pangunahing testigo sa pagpaslang sa kanyang asawa na si Willy, lider ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa prubinsya. Ang lider-magsasaka ay binaril at napatakyo noong Abril 16, 2007.

Marso 25. Marahas na binuwag ang raling pinangunahan ng mga aktibista ng GABRIELA sa labas ng US Embassy. Ayon sa GABRIELA, mga 20 katao, karamihan mga babae, ang nasaktan nang buwagin ng *anti-riot police* ang kanilang hanay habang mapayapang nagpuprotesta laban sa presensya ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas. Nagsampa ng kaso ng paglabag

sa karapatang-tao ang grupong GABRIELA laban sa hepe ng Manila Police District na si Supt. Roberto Rosales. Isinampa nila ang kanilang reklamo sa Commission on Human Rights at Office of the Ombudsman.

Marso 23. Pinatay ng isang berdugong armando ng kal .45 pistola si Sabina Ariola, 51, tagapanggulo ng Mamamayan ng Sta. Rosa para sa Kagalingan, Kaunlaran, Kappayaan, Tungo sa Magandang Kinabukasan ng Bayan (MSRK3). Bandang alas-8:00



ng umaga ay nakasakay sa Isuzu Elf si Ariola patungong plasa ng lunsod kasama ang mga istap ng MSRK3 nang barilin siya sa Barangay Pook, Sta. Rosa, Laguna. Tina maan sa tiyan ang lider ng maralitang lunsod at nadala siya sa pagmutan subalit namatay din kinagabihan. Ang sinundan ni Ariola na tagapanggulo ng MSRK3 na si Mely Carvajal ay binaril din at napatakyo noong 2004. Si Ariola ang ika-171 biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa Southern Tagalog mula nang maging presidente si Gloria Arroyo noong 2001.

Marso 23. Hinalughog ng mga sundalo ng 22nd IB ang mga bahay sa Barangay Togawe, Gubat, Sorsogon. Isa rito ay ang bahay nina Gavo at Henson Paone. Pinagnakawan sila ng mga sundalo ng mga damit at pinakakalat ang kanilang mga gamit. Pinasok din ang bahay ni Moling Estrada at kinunan siya ng litrato ng militar. Pinagtatnong naman ng mga sundalo ang isa pang maybahay, si Celia Herbes, kung saan matatagpuan ang mga kasapi ng BHB. Kinunan din siya ng litrato ng militar. Ang panghahalughog ay isinagawa matapos ang dalawang labanan sa pagitan ng Philippine Army at BHB.

Bago pa man mangyari ang mga labanan, may itinayong Barangay Defense System (BDS) ang militar ng 901st Brigade sa mga barangay ng Casiguran, Sorsogon. Pinagrereport din tuwing umaga ang mga tagabaryo na pinaghahinalaan ni

lang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa mga barangay naman ng Irosin, Sorsogon, nagdaraos ng pulung-pulong ang mga militar hinggil sa pagtatayo ng BDS. Tinatakot din ng militar ang mga pamilya ng pinaghihinalaang mga kasapi ng BHB.



Pebrero 25. Isang sibilyan ang nasugatan nang paputukan siya at ang kanyang tiyuhin ng mga elemento ng 31st IB habang umiiwas madamay sa labanan sa pagitan ng militar at BHB sa San Rafael, Lupid, Camarines Sur. Sina Marlo Perez, kasapi ng Camarines Sur People's Organization at barangay kagawad ng San Rafael, at ang kanyang tiyuhin ay patuloy na pinaputukan sa kabilang pagsigaw ni Perez na sila ay mga sibilyan.

Nakatakbo patungong baryo ang kanyang tiyuhin para humingi ng saklolo. Ang sugatang si Perez ay humingi ng tulong sa mga sundalo nang madaanan siya ng mga ito. Subalit sa halip na tulungan siya ng mga sundalo ay hinawakan siya ng mga ito sa tagilirang may tama ng bala, pinaluhod at sinuntok. Pinalakad ng mga militar si Perez ngunit dahil sa mahinang-mahina na siya dahil sa kanyang sugat, siya ay nadapa. Dito siya sinimulang pagtatanunin at pilit pinaaamin na kasapi ng BHB. Bandang huli, binendahan ng isang sundalo ang kanyang sugat. Dumating bandang alas-5:30 ng hapon ang mga upisyal ng barangay ng San Rafael at kanilang dinala pauwi si Marlo Perez. Ngunit nang dumating sila sa barangay, pwersahang kinuha si Perez ng mga sundalo, isinakay sa trak ng militar, dinala sa Sipocot District Hospital at kinagabihan ay inilipat sa Bicol Medical Center sa Naga City.

Kinabukasan, Pebrero 26, pinuntahan si Perez ng isang nagpakilalang Captain Avila, na ipinadala umano ng Battalion Commander ng 31st IB para alamin kung ano ang maibibigay na tulong sa kanya. Hanggang ngayon ay wala pa ring dumarating na tulong sa pasyente. Plano ni Perez na magsampa ng kasong kriminal laban sa mga sundalong bumaril sa kanya. AB

Mga upisyal ng rehimeng Arroyo, pormal na kinasuhan sa hukumang bayan sa pagpatay kay Rebelyn Pitao

Pormal na nagsampa ng kaso sa hukumang bayan ang Merardo Arce Command (MAC) ng Bagong Hukbong Bayan sa Southern Mindanao laban sa 12 upisyal, elemento at ahente ng Military Intelligence Battalion; apat na upisyal, elemento at ahente ng Military Intelligence Group XI ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines; at pinakamataas na upisyal ng Eastern Mindanao Command, 10th Infantry Division at Armed Forces of the Philippines para sa pagdukot, pagtortyur, panggagahasa at pagpatay kay Rebelyn Pitao. Kinasuhan din sina Gen. Eduardo Ermita at ang *commander-in-chief* na si Gloria Macapagal-Arroyo. Ang kaso na kinabibilangan ng mga krimen sa digma, krimen laban sa sangkatauhan at iba pang mabibigat na paglabag sa karapatang-tao ay pormal na isinampa nitong Marso 29.

Sinabi ng MAC sa isang pahayag kasabay ng pagsasampa ng kaso na ang pagdukot, pagtortyur, panggagahasa at pagpatay kay Rebelyn Pitao ay nagsisilbi sa interes ng rehimeng gumagamit ng armadong pwersa nito para supilin ang mga pagtutol, patahimikin ang mga kritiko nito, maghasik ng hayag na terorismo ng estado at tangkaing supilin ang dumadaluyong na rebolusyon.

Ayon sa imbestigasyong isinagawa ng isang espesyal na grupong binuo para sa kasong ito, napag-alamang sangkot ang sumusunod na mga indibidwal sa mga krimeng nabanggit:

- ▶ Gloria Macapagal-Arroyo
- ▶ Gen. Eduardo R. Ermita

- ▶ Gen. Alexander B. Yano
- ▶ Maj. Gen. Raymundo B. Ferrer
- ▶ Maj. Gen. Reynaldo B. Mapagu
- ▶ Sgt. Ben Tipait alyas Edmar
- ▶ Sgt. Romeo Marcos alyas Adan Sulao
- ▶ Colonel Caguiwa
- ▶ Sgt. Romeo Carreon
- ▶ Sgt. Helvin Bitang
- ▶ Cpl. Orly Pedregosa
- ▶ Cpl. Winnie Carampatana
- ▶ Sgt. Melvin Punla
- ▶ Major Cabanalan
- ▶ Sergeant Caballero

Bukod sa mga nabanggit, kabilang din sa mga akusado ang iba pang mga ahente, elemento at upisyal ng Military Intelligence Battalion ng 10th Infantry Division ng AFP na kilala sa mga pangalang Hagto, Embac, alyas Ariel, alyas Benjak, Reynaldo Desales alyas Jomar, Sergeant Senit at iba pang mga sangkot sa krimen na di pa natutukoy ang mga pangalan.

Sa partikular, akusado ang mga nabanggit sa paglabag sa Artikulo 48 ng Protokol I ng Geneva Conventions na nagbabawal na gawing target-militar ang sibilyang populasyon at mga pasilidad ng mga sibilyan; sa Artikulo 51, Parapo 2 ng Artikulo 13 at Parapo 2 ng Protokol II na nagbabawal ng mga akto ng karahasan at pagbabanta na ang pangunahing layunin ay paghahasik ng takot sa sibilyang populasyon; sa Bahaging III, Artikulo 6, Parapo 1 ng International Covenant for Civil and Political Rights na nagsasaad na ang mga tao ay may batayang karapatang mabuhay, na isa itong karapatang dapat protektahan ng batas at walang sinumang maaaring arbitrari-



yong pagkaitan ng buhay.

Ang paglilitis sa naturang mga akusado ay aayon sa International Humanitarian Law at sa rebolusyonaryong sistemang ligal at hudyasyal, proseso at batas ng Demokratikong Gubyernong Bayan at alinsunod rin sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian

Law (CARHRIHL) at sa deklarasyon ng NDFP ng pagtalima sa mga probisyon ng Geneva Conventions at ng Protocol I nito.

Tinitiyak sa mga akusado na respetuhin ang lahat ng kanilang karapatan sa ilalim ng International Humanitarian Law, kabilang na ang karapatan sa paghahanda at paghahapag ng kanilang depensa,

karapatang magkaroon ng abugado at karapatang iapela ang anumang desisyon ng korte.

Samantala, kasabay ng rebolusyonaryong ligal at hudyasyal na mga proseso ng demokratikong gubyernong bayan, ang mga taktikal na opensiba ng BHB at ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay magsisilbi sa interes ng hustisya. **AB**

Mga sangkot sa pagpatay kay Rebelyn, lalong nagdiin sa sarili

May kasabihan na sa bunganga nahuhuli ang isda. Lumaki ang batayan para pagsuspectsahan ang ilan sa mga tinukoy na responsible sa pagpaslang kay Rebelyn Pitao nang imbestigahan sila ng Commission on Human Rights (CHR) sa Davao City nitong Abril 1. Ito'y dahil sa pagkabuhul-buhol ng mga salaysay nila hinggil sa nalalaman nila sa kaso.

Unang tinanong ni Atty. Leila de Lima, tagapangulo ng CHR, si Cpl. Helvin Bitang ng Military Intelligence Battalion (MIB). Ayon kay Bitang, napag-alaman niyang patay na si Rebelyn noong Marso 5, nang mapanood niya ang balita hinggil dito sa telebisyon. Ang totoo'y halos gabi na ng Marso 5 natagpuan ang bangkay ni Rebelyn at umaga na ng Marso 6 pumutok sa midya ang balita tungkol dito.

Dagdag ni Bitang, pinagreport daw siya sa kanyang *battalion commander* noong umaga ng Marso 6 dahil lumabas na ang balita na isinasangkot siya sa kaso. Ang totoo'y lumabas lamang sa midya ang pangalan ng mga taong tinukoy na may kinalaman sa krimen noong Marso 9, isang araw matapos ito ianunsyo ni Leoncio "Ka Parago" Pitao sa pakikipanayam niya sa ilang kagawad ng midya.

Marso 8 din ang sinasabing petsa kung kailan napag-alaman umano ni Cpl. Orly Pedrezoza na isinangkot siya sa pagkamatay ni Rebelyn.

Sinabi naman ni Sgt. Martin Punla na ang trabaho niya ay protektahan ang mga VIP o mahahalagang tao. Nang tanunin siya ni de Lima kung nasaan siya nang maganap ang pagdukot at pagpaslang kay Rebelyn, sinabi niyang nasa Tagum City siya noong Marso 4 at Davao City noong Marso 5. Pero hindi raw niya matandaan kung sinong VIP ang pinrotektahan niya noong mga petsang iyon o kung anong mga tipo at kulay ng sasakyang ginamit nila.

2 gerilyang dinukot sa Southern Mindanao, natagpuan sa Leyte

Dalawa sa tatlong kadre ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao na dinukot noong Enero ang napag-alamang nakakulong ngayon sa Leyte.

Sina Ruel Cabales, Catherine Guinoo-Cacdac at Nelson Carbajosa ay dinukot ng mga sundalo mula sa isang bahay sa Sityo Pulanglupa, Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley noong Enero 26 ng madaling araw. Naroon sila noon para tumulong sa paglutas ng mga signalot sa hanay ng masa.

Ayon sa sinumpaang salaysay nina Cabales at Cacdac, matapos sila dukutin ay dinala sila sa himpilan ng 10th ID sa Camp Panacan, Davao City kung saan isang linggo silang isinailalim sa matinding tortury at interogasyon.

Nagsampa ng petisyon para sa *writ of amparo* ang kanilang mga pamilya at inaprubahan ito noong Pebrero 26. Alinsunod sa utos ng korte ay ininspeksyon ng mga kamag-anak ng tatlong biktim at mga myembro ng iba't ibang organisasyon ang kampo ng 66th IB sa New Bataan, Compostela Valley noong Marso 17 subalit hindi sila natagpuan doon.

Samantala, pinalipat-lipat ng lugar sina Cabales at Cacdac at pilit kinunan ng bidyo na kunwa'y sumusurender sila. Pilit din silang pinapirma ng mga dokumentong nagsasaad na sumuko sila at hindi dinukot.

Noong Marso 25 ay dinala sila sa daungan ng Surigao City at isinakay sa isang barko patungong Ormoc City. Mula roon ay dinala sila diretso sa Leyte Provincial Jail sa Barangay Kauswagan, Palo, Leyte at isinama sa isang kaso ng *multiple*

AB



murder sa Baybay, Leyte kahit iyon ang unang pagkakataong nakatuntong sila sa Leyte. Napag-alaman ang kanilang kinalalagyan nang ipagbigay-alam sa Karapatan-Eastern Visayas ng ibang mga detenidong pulitikal sa *provincial jail* ang

pagdating nina Cabales at Cacdac.

Mariing kinundena ng Hustisya ang ginawang panlilinlang at panlo-loko ng 10th ID at patuloy na pag-tanggi nitong palayain ang tatlong biktima kahit inaprubahan na ng korte ang petisyon ng kanilang mga

kamag-anak para sa *writ of amparo*.

Samantala, kinukumpirma pa ng Hustisya ang balita na si Carbajosa, ang ikatlong biktima, ay nasa pangangalaga ng isang kapitan ng barangay sa Kapatagan, Digos City. AB

Pilipinas, pang-anim sa dami ng mga napaslang na mamamahayag

PANG-ANIM ang Pilipinas sa 14 na bansang may pinakamaraming kaso ng pagpatay sa mga kagawad ng midya na hindi naparurusahan ang mga salarin. Ito ay ayon sa 2009 Global Impunity Index ng Committee to Protect Journalists (CPJ). Ipinahayag ito ng CPJ sa isang *press conference* noong Marso 23 na inorganisa ng Freedom Fund for Filipino Journalists at ng Southeast Asia Press Alliance.

Dalawampu't apat nang kagawad ng midya ang napaslang sa Pilipinas nitong nakaraang sampung taon na hindi pa nabibigyan ng hustisya. Dahil dito, iginiit ng CPJ sa gubernong Arroyo na gumawa na ng mga konkretong hakbang para mabigyang-katarungan ang mga napaslang na mamamahayag at proteksyunan ang mga kagawad ng midya sa bansa. Pinabulaanan nito ang sinabi ni Executive Secretary Eduardo Ermita na mayos daw na inaasikaso ang kaso ng 24 na mamamahayag na napaslang dahil anang CPJ, wala pang kahit isa sa mga suspectsado ang nahahatulan.

Ang CPJ ay isang pandaigdigang organisasyong nagtaguyod sa kalayaan sa pama-mahayag. Taun-taon itong naglalabas ng talaan ng mga kaso ng pagpaslang ng mga mamamahayag sa buong mundo na hindi naparurusahan ang mga maysala.

Nangunguna sa talaan ng mga bansang pinakadelikado para sa mga mamamahayag ang Iraq kung saan di bababa sa 88 reporter na ang napapatay mula nang sakupin ito ng US noong 2003.

Pumapangalawa ang Sierra Leone, pangatlo ang Somalia, pang-apat ang Sri Lanka at panlima ang Colombia. AB

Prostitusyon sa Bikol, pinalalala ng Balikatan

IBINUNYAG ni Sen. Francis Pangilinan na gabi-gabi ay dinadalhan ng mga babae ang mga sundalong Amerikanong kalahok sa Balikatan *exercises* sa Bicol. Ang impormasyon ay ipinaabot sa kanya ng mamamayang taga-Legazpi City noong Abril 1.

Anang mga saksi, dalawang beses gabi-gabi tumatanggap ng walo hanggang sampung babae ang mga Amerikano sa tinutuluyan nilang hotel sa syudad. Ani Pangilinan, dagdag itong patunay ng kasamaang dala ng Visiting Forces Agreement (VFA) sa Pilipinas.

Kaugnay nito, maghahapag ang senador ng resolusyon para imbestigahan ang paglala ng prostitusyon at iba pang iligal na aktibidad sanhi ng presensya ng mga dayuhang sundalo sa bansa.

Tinuligsa rin ng GABRIELA, Bayan Muna, BAYAN at iba pang patriyotiko at demokratikong organisasyon ang paglala ng pagsasamantala sa kababaihang Pilipino bunsod ng Balikatan at VFA. AB

Mga Fil-Am, tutol sa VFA

UMALINGAWNGAW sa US ang mga protesta laban sa pag-papatuloy ng US-RP Visiting Forces Agreement (VFA) nang igiit ng mga aktibistang Pilipino-Amerikano ang pagbasura sa kasunduang ito sa isang malaking rali sa headquarters ng US Department of Defense sa Arlington St, Washington D.C. noong Marso 21. Ang kontra-gerang kilos protestang ito na nilahukan ng mga kasapi ng BAYAN-USA, GABRIELA Network, Alliance Philippines at iba pang samahan ng mga Pilipino-Amerikano ay kaugnay ng ika-anim na anibersaryo ng pagsalakay at pagsakop ng US sa Iraq.

Kasama ang iba't ibang organisasyon at personaheng kontra sa mapandigmang patakaran ng US, kinundena rin ng mga aktibistang Pilipino-Amerikano ang patuloy na pananakop ng US sa Iraq at Afghanistan at ang pagsuporta nito sa Israel laban sa Palestine. Dala-dala ng mga aktibista ang mga gawa-gawang kabaong na nagsisimbulo sa mga kaswalti ng gerang agresyon ng Amerika.

Umabot sa 10,000 ang dumalo sa mobilisasyong ito na siyang pinakamalaki simula nang maluklok bilang pangulo ng US si Barack Obama. AB



Walang saysay ang mga resolusyon ng G20

Tulad ng inaasahan, walang saysay para sa nagdurusang mamamayan ng daigdig ang mga napakaisahan sa pulong ng Group of 20 (G20) nitong Abril 1-2 sa syudad ng London.

Nagdiin ang pulong ng 20 pinakamalalaki at pinakamaya-yamang bansa sa daigdig sa problema ng kawalan ng regulasyon sa pampinansyang kapital na nagbunga ng mga katiwalian at lubhang pag-alaga-wa ng mga transaksyon dito. Kaya napakaisahan ng G20 na ang pangunahing paraan ng paglutas sa kasalukuyang krisis ay isang pandaigdigang sistema ng regulasyon. Subalit halos pinawalansaysay ito nang pinakaisahan ding huwag higpit ang mga bangko



hangga't hindi pa naiibsan ang kasalukuyang krisis.

Pahayaw lamang na pinagtuanan ng G20 ang mas mahalaga at susing usapin sa problema ng tunay na ekonyoma na ibinubunga ng siklikal na suliranin ng sobrang produksyon sa

isang banda at kakulangan ng konsumo ng naghihirap na mamamayan sa kabilang banda. Dahil dito, walang binuong malinaw na solusyon sa pagdausdos ng produksyon, konsumo, kalakalan at empleyo na nangwawasak sa kabuhayan ng nakararaming mamamayan ng daigdig.

Nagbubulag-bulagan ang G20 sa katotohanan na ang imperyalistang patakaran ng globalisasyon ng "malayang pamilihan" ang siyang nagdudulot ng wala pang kaparis na paghihirap at pang-aapi sa higit na nakararaming mamamayan sa daigdig nitong mga huling dekada. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng patakaran ito ay sinasagasaan ng mga imperyalista ang pambansang ekonyoma, hinuhuthot ang mga likas na yaman, sinasamantala ang masang anakpawis at winawasak ang mga produktibong powersa ng mga malakolonya at atrasadong bansa. Kasabay ng pagpipilit na ipatupad ng nakararaming naghihirap na bansa ang globalisasyon ng "malayang pamilihan," lalo pa ngayong naghihigpit ang mga imperyalistang bansa sa pagpapatupad ng iba't ibang anyo ng proteksyunismo. Walang ginawa ang G20 para pigilan ito.

Ang ilang trilyong dolyar na umano'y "programang pampasikad ng ekonyoma" na siyang pangunahing ipinatutupad ng US ay artipisyal at mababaw na solusyon lamang sa depresyon ng pandaigdigang ekonyoma. Idiniriin ng US at UK ang pagbibigay-prayoridad sa ganitong mga programa at iniginiiit nilang suhayang ito ng G20 sa pandaigdigang saklaw. Tinanggihan ito ng G20 dahil magbubunsod umano

Mainit na protesta sa pulong ng G20

Sinalubong ng malalaki, malalawak at maiinit na protesta ang pulong ng mga lider ng G20 na idinaos sa London nitong Abril 1 at 2. Dalawang araw na nagmartsa at nagkampo sa mga lansangan at sa sentro ng mga upisina ng mga bangko at pampinansyang institusyon sa London ang libu-libong mamamayan para tuligsain ang pulong ng G20. Malalaking bilang ang nagdaos din ng kasabay na mga protesta sa iba't ibang syudad sa Europe.

Nagsama-sama ang mga unyon, organisasyong maka-kalikasan at para sa kapayapaan, institusyon sa kawanggawa, estudyante at iba pang aktibista upang tutulan ang krisis pangkabuhayang humahagupit sa malaking mayorya ng mamamayan ng mundo at batikusin ang mga monopolyong kapitalista at pinuno ng imperyalista sa responsibilidad nila rito. Iginiiit nilang dapat unang tulungan ang mamamayan sa halip na ang mga responsible sa krisis.

Kinundena nila ang paggamit ng kamay na bakal para sikilin ang karapatan ng mamamayan na magpahayag ng kanilang hinaing. Isa ang namatay at marami ang nasugatan at inaresto sa mga nagpoprotesta.

AB

ito ng implasyon. Gayunman, iniwan pa rin sa mga indibidwal na gubyerno ang pagpapasya hinggil sa ganitong mga hakbangin.

Para umano makatulong sa mga bansang tinatamaan ng kasalukuyang krisis, nangako ang G20 na magpalitaw ng \$1.1 trilyong karagdagang pondong hahawakan ng International Monetary Fund (IMF). Ipaauutang daw ito sa mga naghihirap na bansa. Ngunit ang totoo, halos 90% nito ay ilalaan sa pinakamayayamang bansa, kabilang ang mga nasa G20, habang mga 10% lamang ang paghahatiang higit na nakararaming naghihirap na mga bansa. Masahol pa, ang mahihirap na bansang umasang makikinabang dito ay kailangang dumaan sa napakahihigpit na kundisyon ipinapataw ng IMF na nangangahulugan ng mapagsyang kontrol ng imperyalistang ahensya sa ekonomya ng mga umuutang na bansa.

AB

Libu-libong pamilya, palayasin ng NorthRail Project sa Hunyo

AABOT sa 18,455 pamilya na nakatira ngayon sa tabi ng lumang riles ng Philippine National Railways sa City of Malolos sa Bulacan hanggang sa Mabalacat sa Pampanga ang paaalisin pagsapit ng Hunyo nitong taon habang tinatapos ang 50-kilometrong Section 2 ng \$1.317 bilyong NorthRail Project. Ang paghawan ng daang ito ay kaugnay ng makabagong proyektong *mass transit* na magdudugtong sa Metro Manila sa Diósodado Macapagal International Airport Clark Freeport sa Pampanga.

Sa kabilang pangako ni Federico Laxa, *general manager* ng National Housing Authority, na ililipat sa mga *housing unit* ng gubyerno ang mga maaapektuhan ng proyektong ito, marami pa rin sa mga naninirahan sa tabing riles ang nababahala sa kasasapitan nila sa mga *relocation site*. Hindi lingid sa kanila ang maraming reklamo hinggil sa kakulangan sa serbisyo tulad ng kuryente, tubig at palikuran, bukod sa maayo ito sa kanilang hanapbhay.

Kung makukumpleto ang proyektong NorthRail, ito na ang lalabas na pinakamalaking proyekto ng gubyerno na nagbunsod ng pinakamalawak na dislokasyon dahil aabot sa 41,000 pamilya ang apektado nito. Saklaw nito ang mga lugar sa mga lunsod ng Malabon, Caloocan at Valenzuela sa Metro Manila; Meycauayan, Marilao, Bocaue, Balagtas, Guiguinto at Malolos sa Bulacan; at Apalit, San Simon, San Luis, City of San Fernando, Angeles City at Mabalacat sa Pampanga. May nailipat nang 23,386 pamilya mula sa Section 1 mula noong 2007.

AB

Arroyo, binatikos ng mga migranteng manggagawa

MARIING binatikos ng Migrante International si Gloria Arroyo sa patuloy na pagsasagawa ng mga kasunduan sa ibang mga bansa bilang paraan ng pagresolba sa tumataas na bilang ng mga walang trabahong migrante. Imbes na ihanap sila ng mga trabaho sa ibayong dagat, ang dapat pagtuunan ng pansiñ ng gubyernong Arroyo ay kung papaano makalilikha ng mas maraming trabaho sa Pilipinas.

Anang Migrante International, impossible pang makabalik sa mga trabaho ang mga Pilipinong manggagawa dahil nagsasarahan na ang mga kumpanya sa maraming bansa bunsod ng malalang krisis pang-ekonomya. Ayon sa kanilang talaan, umaabot na sa 19,936 ang nasisanteng mga migrante. Partikular sa bansang Taiwan, 6,528 na ang mga Pilipinong nawayan ng trabaho, ayon sa rekord ng Manila Economic and Cultural Office nitong Abril 2.

Tinututulan din ng Migrante ang balak ng Armed Forces of the Philippines na kunin ang libu-libong umuuwing migrante na nasisante sa trabaho dahil gagawin lamang nila itong mga bayaran at pasistang sundalo na magsisilbi lamang sa interes ng malalaking burgesya kumprador at iba pang naghaharing uri. Isang insulto umano sa tinatawag na mga "bagong bayani" ng bansa ang gawin lamang silang mga tauhan ng militar.

DPRK, matagumpay na nagpalipad ng satellite

BINATI ng Partido Komunista ng Pilipinas ang matagumpay na pagpapalipad ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) ng *communications satellite* sa kalawakan noong Abril 5. Kasabay nito, kinundena ng PKP ang US at mga alyado nito sa pagpalabas nitong isang *missile test* ang naturing pagpapalipad at sa aktwal ay nangupat ng digmaan ang DPRK.

Ang pagpapalipad ng *satellite* ay isa lamang sa mga abanteng teknolohiya na napaunlad ng DPRK sa pagpupunyagi nitong ipagtanggol ang kasarinlan laban sa pang-aatake ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan. Matagumpay na nakapagaunlad ang DPRK ng industriya at armas na nakabase sa teknolohiyang nukleyar, na dati'y monopolyo ng mga imperyalista. Sa pagpapalipad ng DPRK ng *communications satellite*, binabasag din nito ang imperyalistang monopolyo sa pandaigdigang pagpapalaganap ng propaganda at mensahe gamit ang makabagong midya.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoTaon XL Blg. 7
Abril 7, 2009

www.philippinerevolution.net

Editorial

Patuloy na nagpapakana si Arroyo para mangunyapit sa kapangyarihan

Nagsasagawa si Gloria Arroyo ng marurumi at maramahas na pakana sa pagkakandarapa niyang maghanap ng paraan para patuloy na kumapit sa poder matapos ang 2010. Mapa-cha-cha man o map-eleksyon, may mga reserbang baraha si Arroyo na lahat nama'y nabubuko.

Kahit makailang-ulit nang itinakwil ng mamayan at umatras na maging ang ilan niyang kaalyado, tuso pa ring itinutulak ng sakim sa kapangyarihang mga alipures ni Arroyo ang *cha-cha* sa Kongreso. Ipinagmalaki kamakailan ng partidong KAMPI ni Arroyo na dadalawampung lagda na lamang ang kailangan para pormal na mapagtibay ang resolusyon ni Rep. Luis Villafuerte para baguhin ang konstitusyon ng 1987 sa pamamagitan ng pagtransforma sa Kongreso tungong *constituent assembly (con-ass)*, lumahok man o hindi ang mga senador.

Katuwang nito, nagpakana rin si Speaker Prospero Nograles ng resolusyon sa Mababang Kapulungan para ibasura ang probisyon sa konstitusyon nagbabawal sa dayuhang pagmamay-ari ng mga lupain at negosyo sa bansa. Ang panukalang ito ay pinalalabas niyang isang "simpleng pang-ekonomiyang panukala lamang" kahit ipinagkakanulo nito ang pambansang patrimonya at interes. Iginigiit niyang ipasa na lamang ito sa Mababang Kapulungan bilang

ordinaryong lehislasyon. Layunin nitong hawanin ang daan para sa iba pang panukala pangunahin na ang pagbabago ng sistema ng gubyerno tungong parlamentaryo na magbibigay-daan sa pananatili ni Arroyo sa poder bilang punong ministro.

Ang inaasahang pagtutol ng Senado at iba pang organisasyon at personahe sa *con-ass* ay ipababasura sa Korte Suprema, gamit ang kontrol ni Arroyo sa mayorya ng mga mahistrado. Lantad na lantad ang layunin ng panukalang itinutulak ni Villafuerte, laluna't ang nangunguna sa pangangalap ng mga lagda para rito ay ang mga kongresistang anak ni Arroyo na sina Jose Miguel at Diosdado.

Kunwa'y dumidistansya ang Malacañang sa mga paknang *cha-cha* ng mga anak at alipures ni Arroyo sa Kongreso. Nakikita nito na habang



Mga tampok sa isyung ito...

Mga tagumpay laban sa Oplan Bantay Laya 2
PAHINA 3

Isang biktima ng pasistang pamamaslang bawat linggo
PAHINA 8

Walang saysay ang mga resolusyon ng G20
PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:

 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com